
IOHSAD ASSERT
HEALTH AND SAFETY

# Welga ng Nexperia Workers Union, TAGUMPAY!




LITRATO | ALL NEXPERIA FIGHT

ANGEL TRICIA MAE REYES

Tagumpay ang kauna-unahang welgang ginawa ng mga miyembro ng Nexperia Philippines Incorporated Workers Union (NPIWU) sa loob ng economic zone mula ika-5 hanggang ika-8 ng Marso matapos makamit ang dagdag-sahod at pagbabalik-serbisyo ng dalawang tinanggal na opisyal ng unyon.

Matapos ang humigit-kumulang 80 oras, pumayag ang kumpanya na itaas ang kanilang sahod kada araw — mula P17 tungong P19 ngayong taon at P21 naman sa 2026, o kabuoang P40 na dagdag sa loob ng tatlong taon. Gayundin, tumaas din ang kanilang signing bonus, rice subsidy, meal allowance, at gift check.

Nakakuha rin sila ng non-retaliation agreement o ang kasunduan na walang parusang ipapataw sa mga lumahok sa welga.

Ibinalik din sa serbisyo ang union leaders na sina Girlie Battad, Public Relations Officer, at Mary Ann Castillo, presidente ng unyon. Sila ay dalawa sa apat na opisyal na kinasuhan at tinanggal sa trabaho sa kalagitnaan ng kanilang pagsusulong ng Collective Bargaining Agreement (CBA).

Ang CBA ay isang kasunduan kada tatlong taon sa pagitan ng kumpanya at mga empleyado ukol sa mga usapin ng sahod, oras, at lugar ng trabaho na may layuning protektahan ang karapatan ng mga manggagawa.

Subalit, dahil sa pagmamatigas ng kumpanya na P17 lamang ang dagdag-sahod kumpara sa hiling na P50 at sa pagtatanggal ng mga manggagawa dahil sa ‘di umano’y “low volume” ang produksyon, ang karaniwang na tatlong buwan na tagal ng negosasyon ay umabot na sa mahigit isang taon.

Kaya naman, napilitang magwelga na ang unyon. “Pinush nila kami eh,” ani Castillo.

Nagtatag sila ng sistemang kumite at nagbaon ng mga delatang pagkain. Kasunduan nilang aralin ang mga karapatan sa pagwewelga at ang usapin ng sahod at kita. Gayundin, sa oras ng welga ay hindi sila maninira ng anumang makina o produkto.

Sa kabila nito, food blockade at pagputol ng suplay ng tubig sa loob ng economic zone ang naging tugon ng kumpanya, na naging dahilan para sumama ang pakiramdam ng ilang manggagawa lumahok sa welga.

Sa huli, tagumpay ito para kay Castillo dahil tumaas ang morale ng mga manggagawa sa kanilang paglaban para sa dagdag-sahod at kontra sa assumption of jurisdiction (AJ) order ng Department of Labor and Employment (DOLE) na pinagbawalan silang magwelga at inobligang bumalik sa trabaho.

Nilinaw naman ni Castillo na hindi kusang binigay ng kumpanya ang dagdag-sahod at mga benepisyo sa kanila kundi ay ipinaglalaban ito ng mga manggagawa.

Ika niya, nagsisilbing sandata ang welga upang ipaalam sa kumpanya na kaya nilang pahintuin ang mga makinarya kung sila ay pipilitin. Ito rin ay pagpapaalala na hindi rin kikita ang kumpanya kung wala silang mga manggagawa.

“‘Yung strike, ito ‘yung magpapakita ng halaga ng mga manggagawa sa isang produksyon at nagpapaalalang bigyan n’yo naman kami ng maayos. Hindi naman namin hinihingi ‘yung langit at lupa pero ayusin n’yo naman. Bigyan n’yo naman kami ng nararapat para sa amin. May pamilya rin kami,” pagbibigay-diin ni Castillo.

Samantala, tuloy pa rin ang ang pag-aaral ng mga miyembro ng grupo sa mga ganitong usapin at ang kanilang suporta at paglaban para sa dalawang opisyal na hindi ibinalik sa pwesto habang hinihintay ang desisyon ukol sa kanilang mga petisyon. ★

# Iba't ibang sektor nagprotesta para sa mga unyonista't bilanggong pulitikal

LEA LORAINE ACUESTA

Nagtipon ang iba't ibang sektor sa harap ng Department of Justice (DOJ) sa Ermita, Maynila noong Pebrero 20, 2025 upang ipanawagan ang pagpapalaya ng 25 nakakulong na unyonista.

Pinangunahan ng **Free Our Unionists Network** ang kilos-protesta bilang bahagi ng patuloy na kampanya laban sa 'di-makatarungang pag-aresto at paglabag sa karapatan ng mga manggagawa.

Ayon kay Kamz Deligente, Deputy Director ng Center for Trade Union and Human Rights, isa sa mga nakakulong ay si Maoj Maga na mahigit pitong taon nang nasa piitan.

Iginiit niyang hindi ito isang bagong usapin kundi isang patuloy na laban para sa karapatan ng mga manggagawa na mag-organisa at ipaglaban ang kanilang interes. Ang panggigipit sa mga unyonista ay hindi lang banta sa mga indibidwal kundi sa buong sektor ng paggawa.

Sa pagbisita ng grupo sa Camp Bagong Diwa sa Taguig noong Disyembre, napansin nila ang hindi maayos na kalagayan ng mga nakakulong dahil sa kakulangan sa pagkain, di-maayos na bentilasyon, at pangambang lumala ang sitwasyon sa ilalim ng single-cell confinement na ipinatutupad sa isang bagong gusali na pinondohan ng Estados Unidos.

Ipinahayag din nila na bagamat may kaunting pag-usad, patuloy pa ring ginagamit ang mga kasong murder at assault upang mapanatili ang pagkakakulong ng mga unyonista.

Mula 2022, may 10 bilanggong-pulitikal na ang napalaya matapos mapatunayang walang basehan ang mga paratang laban sa kanila. Nananatiling marami pa rin ang nakapiit dahil sa patuloy na pagsasampa ng bagong kaso laban sa kanila.

Naniniwala si Deligente na dapat maging mulat ang kabataan sa isyung ito. Para sa kanya, ang usapin ay hindi lamang tungkol sa sahod at benepisyo kundi pati na rin sa karapatang magprotesta, mag-unyon, at makilahok sa laban para sa mas makatarungang kondisyon sa paggawa.

Samantala, inihayag ng **Koalisyong** Makabayan ang suporta sa kampanya sa pamamagitan ng Vote for Freedom Advocacy, isang inisyatibang naglalayong ipagtanggol ang kalayaan sa pagpapahayag at itulak ang pagpapalaya ng mga bilanggong-pulitikal.

Sa kasalukuyan, mahigit 700 ang bilang ng mga bilanggong-pulitikal sa bansa, kabilang ang mga unyonista, magsasaka, at tagapagtanggol ng karapatang pantao.

Bukod sa paglulunsad ng mga kilos-protesta, patuloy ding isinusulong ng iba't ibang grupo ang paghahain ng mga panukalang batas upang tiyakin ang proteksyon ng mga manggagawa at ang kanilang karapatang mag-organisa.

Habang wala pang katiyakan kung kailan mapapalaya ang mga nakakulong na unyonista, ipinahayag ng mga grupo, sa suporta ng iba pang sektor gaya ng mga kawani ng gobyerno hanggang sa mga manggagawa sa BPO na magpapatuloy ang kanilang mga pagkilos upang itulak ang kanilang panawagan para sa hustisya at kalayaan. ★



LITRATO | IOHSAD

# **Magsasaka** ng Gitnang Luzon, apektado ng **krisis sa klima**

GABRIEL CALINGASAN

Dahil sa lumalalang epekto ng krisis sa klima sa agrikultura, pwersahang napatigil ang produksyon ng ilang magsasaka ng Gitnang Luzon habang ang iba ay ramdam naman ang pagkaltas ng kanilang ani at kita.

Sa mga lalawigan tulad ng Tarlac, Pampanga, at Nueva Ecija, mga pangunahing sentro ng produksyon ng bigas sa bansa, paulit-ulit ang pagkaranas ng mga magsasaka ng tagtuyot, pagbaha, at pabagu-bagong panahon simula pa noong unang bahagi ng dekada 2000.

Ayon kay "Ka Flor," hindi niya tunay na pangalan, isang magsasaka at may-ari ng lupa sa Hacienda Luisita sa Tarlac, bumagsak ang kanilang ani mula mahigit 100 kaban ng palay tungo sa 32 kaban na lamang.

Dahil sa laki ng lugi, pinili na lamang nilang mag-asawa na itigil ang pagtatanim ng palay.

Dagdag pa nito, "Sa diesel pa lang, napakarami ko nang utang na hindi ko pa nababayaran."

Kwento pa ni Ka Flor, nakaaapekto rin ang init sa kalusugan ng mga magsasaka: "Nag-uugat-ugat na ang mga paa ng mister ko kakaararo sa ilalim ng mainit na araw."

Sa ngayon, ang tanging kaya nilang gawin ay uminom ng maraming tubig para maibsan ang init habang umaasang magkakaroon ng libreng patubig sa lugar nila.

Samantala, ayon kay Danilo "Ka Daning" Ramos, lider ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at tumatakbong senador sa darating na halalan, mas malawak ang ugat ng problema ng climate change sa bansa.

Itinuro niya ang malawakang pagmimina, quarrying, at pagputol ng kagubatan bilang mga pangunahing dahilan ng pagkasira ng kalikasan.

"Sa Cagayan River, tumaas ng 10 metro ang tubig kaya tinangay ang mga pananim. Sa Bagyong Ondoy, bumagsak ang mga puno sa Cagayan De Oro —isa sa mga dahilan ng maraming pagkamatay," aniya.

Iminumungkahi ni Ka Daning ang pagpapatigil ng mapanirang pagmimina, pagputol ng kagubatan at ng reclamation project sa Manila Bay pati na rin sa ibang panig ng bansa bilang bahagi ng pagtugon sa climate change.

Bilang solusyon, isinusulong niya ang Genuine Agrarian Reform Bill para sa tunay na pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka, at ang Rice Industry Development Act upang palakasin ang lokal na produksyon ng pagkain. Dagdag pa niya, kailangang palakasin ang edukasyon ng kabataan upang maihanda sila sa hinaharap na mas makatarungan at mas makakalikasan.

Sa kasalukuyan, ang mga lokal na pamahalaan sa Gitnang Luzon ay nagsusulong ng mga patakarang magpapalakas sa kakayahan ng mga komunidad sa pagsasaka na umangkop sa krisis ng klima upang maprotektahan ang kabuhayan ng mga magsasaka.

# Lupang ipinangako sa **Hacienda Luisita**, hindi pa rin naipamamahagi

ARWEN CALONG

Pinanghahawakan pa rin ni Francisco "Ka Fransing" Gumban Dizon ang ipinangako sa kanila ng pamilya Cojuangco-Aquino na titulo ng 240 metro kwadradong lupaing kinatatayuan ng kanilang bahay sa loob ng Hacienda Luisita kung saan ay mahigit tatlong dekada na siyang nagsasaka.

Nagsimulang magsaka sa Hacienda Luisita si Ka Fransing sa edad na 20 taong gulang kasama ang kaniyang mga magulang hanggang sa kasalukuyang edad na 55. Naging manggagawang bukid muna ito bago kalaunan ay naging magsasaka sa loob ng Hacienda.

Taong 2013 pa nang iginawad ng Korte Suprema ang titulo ng lupa sa mga mamamayan at manggagawa ng Hacienda Luisita ngunit hanggang ngayon ay hindi pa ito lubusang naipamamahagi sa kanila. Ayon sa kaniyang pahayag, sa 7,000 ektarya ng lupa ay 4,195 pa lamang ang naipamamahagi sa kanila ng pamilya Cojuangco-Aquino.

Bilang kasalukuyang tagapangulo ng Alyansa ng Manggagawang Bukid sa Hacienda Luisita (AMBALA), nakiisa siya, kasama ng iba pang magsasaka at manggagawang bukid, upang magkampuhan sa harap ng tanggapan ng Kagawaran ng Repormang Pansakahan (KRP) sa loob ng limang araw mula ika-24 hanggang ika-28 ng Marso, taong 2025.

Layunin nilang ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa at hilinging itigil na ang malawakang pagpapalayas sa mga mamamayan at land-conversion sa Gitnang Luzon.



LITRATO | CHLOE ABARCAR

"Magmula ng dumating kami rito noong Linggo ng gabi, nang alas-dos ng madaling araw, humanay ang mga manggagawa upang magkampuhan dito sa harap ng DAR. Ilang beses na kaming nakipag-dialogue wala pa ring malinaw na sagot sa mga magsasaka ito mismong ahensya ng gobyerno (DAR)," aniya.

Ayon pa kay Ka Fransing, nakiisa ang mga magsasaka at manggagawang bukid sa pagkakampo upang palitawin at ipaalam sa malawak na mamamayan ang tunay na nangyayari sa Gitnang Luzon.

"Malawak ang usapin, maraming hindi naipaaalam, at marami ang pinapaslang (na mga magsasaka) na hindi nalalaman sa media", saad niya.

Binigyang-diin din niya ang kahalagahan ng pagpapatuloy ng pakikibaka: "Kung matatakot tayo, sinong magpapatuloy? Kaya mahalaga na bawat buwis ng buhay ng bawat isang kasama, lalo ka dapat tumataas, tumatatag sa pakikibaka. Kasi kung 'yung buhay nila, hindi natin pinanghihinayangan, walang kwenta 'yung ating pakikibaka..."

Dagdag pa niya, talamak ang land use conversion at demolition sa lugar na nagdudulot ng pagkasira ng libo-libong tirahan ng mga mamamayan ng Gitnang Luzon, patunay ng malawak na nakawan ng lupa sa pagitan ng mga malalaking kumpanya at mga manggagawa.

Sa halip na ipamahagi sa mga manggagawa at magsasaka, ang mga lupa ay ibinibenta sa mga dayuhan at malalaking kumpanya upang pagtayuan ng mga imprastruktura.

Sa katunayan, noong panahon ng pandemya, nakapagdebelop ang Ayala Crescendo ng 290 ektarya ng lupa ng lingid sa kaalaman ng mga mamamayan ng Hacienda. Ang Rizal Commercial Banking Corporation naman ay nagkamkam din ng 500 ektarya ng lupa.

Matatandaang nagsimula pa noong taong 2004 ang usapin ukol sa lupa sa Hacienda Luisita subalit magpahanggang ngayon ay hindi pa rin ito nareresolba.

Samantala, patuloy ang pakikibaka ng mga manggagawa ng Hacienda Luisita upang makamit ang ninanais na hustisya. Binigyang diin din ni Ka Fransing ang papel na dapat gampanan ng mga kabataan at maging ang mga simpleng mamamayan sa pagkamit ng pagbabago sa lipunan.

"Kaya naghihikayat din ako sa lahat ng mamamayan, estudyante man o mamamayan man na nabubuhay dito sa Pilipinas, 'pag hindi tayo humakbang at kumilos at nagkaisa, mga bata, sa kalagayan ngayon (kawalan ng hustisya) mas higit ang kalagayang kanilang mararansan sa darating na panahon. Kaya hinihikayat ko rin ang lahat ng kabataan, kumilos, gumawa ng propaganda, gumawa ng mga bagay na dapat makakaingay sa ating gobyerno", saad niya. ★


LITRATO | CHLOE ABARCAR

# Tubig, Pawis, at Trabaho

## GABAY SA MANGGAGAWA NGAYONG TAG-INIT

VANIA MACATANGAY

Ang init-init na! Matagal nang nakalipas ang Ber months kaya't goodbye na talaga sa malamig na hangin at maulap na araw. Pero teka lang... hindi ibig sabihin ng summer ay bakasyon na agad! Karamihan sa mga manggagawa ay kailangang magpatuloy sa trabaho kahit pa tirik na tirik ang araw. Hindi tayo ligtas sa matitinding epekto ng init. Pero paano nga ba maiiwasan ang mga negatibong epekto nito? Huwag mag-alala, narito ang ilang simpleng tips na maaaring makapagligtas sa'yo.

Bago iyon, mahalagang malaman mo muna kung kailan ka tatamaan ng mga heat-related na sakit, gaya ng heat stroke, heat exhaustion, heat rash at iba pa. Nakakatakot, 'di ba? Kaya kung nakakaramdam ka ng mga sintomas gaya ng pag-init at pamumula ng balat, sakit ng ulo, pagsusuka at pagkahilo, magpahinga ka muna! Sabi nga nila, **"Prevention is better than cure."** Kaya heto na ang ilang paraan para maiwasan ang mga matitinding sintomas na dulot ng init.

### Maghanda nang Sapat

Bago ka umalis para sa trabaho, subukang alamin muna ang lagay ng panahon at ang inaasahang heat index. Sa ganitong paraan, malalaman mo kung ano ang angkop na isusuot na damit. Kung sobrang init ang inaasahan, siguraduhing magsuot ng light-colored, magaan, at maluwag na damit. Kung may uniporme ka naman, hangga't maaari, pumili ng mas malaking sukat para mas makahinga at mas komportable ang tela. I-partner ito sa mga komportableng damit gaya ng maluluwag na pantalon. Kung sa labas ka naman nagtatrabaho, laging magsuot at magdala ng cap o sombrero para mabawasan ang epekto ng sikat ng araw sa'yo.

### Kilalanin ang Lugar ng Iyong Trabaho

Ang pag-unawa sa mga kahinaan o limitasyon ng lugar kung saan ka nagtatrabaho ay tiyak na makatutulong sa'yo. Kung nasa loob ka ng opisina: May maayos ba itong bentilasyon? May electric fan o aircon ba malapit sa pwesto mo? May bintana ba na maaaring buksan para pumasok ang sariwang hangin? Kung sa labas ka naman nagtatrabaho, tandaan pa rin ang mga tips kanina tungkol sa pananamit. Magsuot ng maluwag at light-colored na damit. Ang mga light-colored na damit ay tumataboy sa sikat ng araw kaya hindi gaanong mainit.

### Uminom ng Tubig

Ang pag-inom ng tubig ay makatutulong upang mapababa ang init ng katawan at manatiling hydrated. Sa ganitong paraan, mas nagiging handa ang katawan natin sa pagharap sa init at maiwasan ang anumang sintomas ng mga sakit. Maaaring iniisip mo na okay lang kahit anong inumin, pero nagkakamali ka. Kahit nakaka-refresh ang malamig na energy drink o softdrinks, mas lalo ka lang magiging dehydrated at mauuhaw habang nasa trabaho. Kaya siguraduhing may dala kang tumbler o tiyaking may mapagkukuhanan ka ng malamig at malinis na tubig habang nasa trabaho.

### Maghanap ng Maayos na Pahingahan

Kapag oras na ng iyong break, maghanap ka muna ng lugar kung saan maiiwasan mo ang init. Kapag nasa loob ka nagtatrabaho at walang aircon o electric fan, maghanap ng pwesto kung saan medyo mahangin o kaya naman walang bintanang tinatamaan ng araw. Kapag naman sa labas ang trabaho mo, maghanap ng isang lugar na malilim.

Madaling malulong sa trabaho. Pero huwag nating kalimutang unahin pa rin ang kalusugan. Kung posible sa inyong trabaho, maglaan ng oras paminsan-minsan para makapagpalamig at makapagpahinga. Kapag masyado mong pinilit ang sarili mo, maaari itong humantong sa mga iba't ibang klaseng sakit at mas mahihirapan kang pumasok sa trabaho. Pero alam nating lahat na hindi naman laging sapat at masalimuot lagi sa mga employer kapag usapang break time. Kaya't sa mga simpleng pamamaraan, tulungan natin ang sariling manatiling malusog at ligtas sa mga sakit. ★




DIBUHO | DANEA KRISTIN MORTERA

ABRIL 2025 SPECIAL ISSUE




LITRATO | IOHSAD

JENIAH IRAO

# Pag-aalab ng Alaala sa Trahedya ng **Kentex Fire**

Naglalagablab na apoy, makapal na usok at umaalingawngaw na mga sigaw– ito ang kahindik-hindik na trahedyang lumamon sa dalawang palapag ng Kentex Manufacturing Corporation noong ika-13 ng Mayo 2015, isang pabrika ng tsinelas sa Barangay Ugong, Valenzuela City. Nag-umpisa ang sunog mula sa welding sparks na tumama sa mga maling nakaimbak na kemikal sa unang palapag. Sa loob ng pitong oras, kumalat ang lagablab ng apoy at kumitil ng 74 na buhay, habang 20 manggagawa ang nanatiling nawawala.

Ang kakulangan sa mga fire exit at mga bintanang may matitibay na harang ang naging sanhi ng pagkakulong ng mga manggagawa sa loob. Sa araw na iyon, ang pabrika ay hindi lamang naging lugar ng trabaho, kundi nagmistulang isang kulungan na hindi nila mabuksan. Ang apoy ng trahedyang ito ay nagbigay-liwanag sa kalunos-lunos na kalagayan ng mga manggagawa sa bansa. Hindi lamang ang kakarampot na sahod at benepisyo ang mga isyu, kundi lalo na ang kalusugan at kaligtasan sa kanilang mga pinagtatrabahuhan.

Ang insidente ng Kentex fire ay nagbunsod ng matinding panawagan para sa hustisya mula sa mga pamilya ng mga biktima at kanilang mga tagasuporta. Bagama't nagkaroon ng pinansyal na kompensasyon, maraming biktima ang naniniwalang hindi ito sapat. Para sa mga naiwang pamilya, ang sugat na dulot ng pagkawala ng kanilang mga mahal sa buhay ay isang pighating hindi matutumbasan ng salapi. Para sa kanila, ang hustisya ay makakamit lamang kung mananagot ang mga pangunahing taong may kinalaman sa insidente. Kaya't patuloy ang pagsusumikap ng mga unyon sa pagtataguyod ng mas ligtas at makatarungang kondisyon sa mga lugar ng trabaho. Kasabay nito, ang mga pamilya at mga nakaligtas ay nananatiling matatag sa kanilang pakikibaka para makamit ang katarungan, habang patuloy na hinaharap ang masakit na emosyonal na epekto ng trahedya.

Si Nanay Marilyn, ina ng isang biktima ng sunog na isang linggo pa lang nagtatrabaho sa pabrika ay nagpahayag ng labis na lungkot sa pagkawala ng kanyang panganay. "Hindi maalis sa puso't isipan ko... Naaapektuhan minsan 'yung hanapbuhay ko dahil nalulungkot ako pag naaalala ko 'siya," aniya sa isang kamakailang panayam.

Samantala, isa sa mga nakaligtas na si Myrna, ay piniling ialay ang kanyang buhay sa paghahangad ng hustisya para sa mga kasamahang nasawi. "Gusto ko po ipakita sa lahat na andito pa rin kami, buhay pa rin ang Kentex, at ngayon hindi na kami natatakot," matapang niyang pahayag. Si Amhed naman, na dating manggagawa ng Kentex na nawalan ng dalawang kapatid sa trahedya, ay nanawagan ng mas malakas na boses para sa mga biktima.

"May'ron man o sa walang makuha, tumindig tayo. Dahil kailangan natin sila mabigyan ng hustisya... kailangan natin sila mabigyan ng boses," sabi niya habang pinipigilan ang uha. Ang mga salaysay na ito ay nagsisilbing paalala ng trahedyang iniwan ng Kentex fire at ng patuloy na panawagan para sa pagbabago at hustisya.

Sina Nanay Marilyn, Myrna, Amhed, at ang iba pang biktima ng Kentex fire ay habambuhay nang bitbit ang sugat ng insidenteng iyon. Gayumpaman, ang kanilang mga kuwento ang siyang nagsisilbing inspirasyon at lakas para sa patuloy na pakikibaka para sa pagbabago. Ang mga bintanang may harang, pati na rin ang iba pang kapabayaan na kumitil sa buhay ng 74 na manggagawa, ay isang malupit na paalala ng kakulangan sa kaligtasan sa trabaho—isang pagkukulang na hindi na dapat muling maulit. Bagama't hindi pa lubos ang hustisya para sa nakararami, ang trahedya ay nananatiling paalala sa kahalagahan ng pakikipaglaban para sa adbokasiya, pananagutan, at reporma na makabubuti sa bawat manggagawa.

Ang Kentex fire ay hindi lamang isang trahedya—ito ay simbolo ng patuloy na laban para sa karapatan at kaligtasan ng bawat manggagawa sa Pilipinas. Ang alaala nito ay mananatiling buhay at umaalab, hindi lamang upang bigyang hustisya ang mga biktima, kundi upang matiyak na ang kanilang pagkamatay ay magbunga ng mas ligtas at makatarungang kinabukasan para sa lahat. Sa pag-alala sa Kentex fire sa ika-10 anibersaryo nito, binibigyang-diin na ang bawat buhay ng manggagawa ay mahalaga, at ang kaligtasan sa trabaho hindi dapat isang pribilehiyo, kundi karapatan ng bawat isa. ★

RACHELLE MONTES




Sa mga himpilan ng ating mga pinagtatrabahuhan, ayon kay Madam Klawdya, ay mayroong tatlong batas na dapat tandaan. Una, bawal ang ma-late. Ikalawa, bawal ang hindi maghangad na maging susunod na tagapagmana ng opisina. At panghuli, ‘di tulad ng KathNiel, bawal ang mag-break.

Gayong ang Pilipinas ay isang bansang hitik sa mga indibidwal na walang ibang maaring pagpilian kun’di ang magpaalipin sa kapitalismo, hindi na bago ang mga kaso ng pang-aabuso at pananamantala sa kanilang lakas-paggawa. Hindi na rin nakagugulat kung pati ang oras sa pamamahinga ay nagiging oras pa rin sa pagsasangguni ng mga makina; na kahit pa mayroon nang nakabulagta ay tuloy pa rin ang pagkayod dahil deadma ang mga namamahala.

Hindi na sila mga chikiting ngunit patuloy pa rin ang kanilang pakikipagpatintero para lámang sa mga karapatan na dapat naman ay malaya nilang tinatamasa; para lámang makasandal sa isang plywood na itinuturing nang kama na p’wede na; at para lámang makain ang mga mumunting báon nilang dala na nababaôn pa dahil iba ang inaalala. Sa ganitong uri ng pamamalakad para sa mga Pilipinong manggagawa, may katuturan at pag-iral pa rin kaya ang konsepto ng taympers?

**Combo 1: Packed Lunch, Packed People**

Noong pandemya, nauso ang mga salita ng artistang si Kim Chiu na pumapatungkol sa pagbabawal na lumabas; batas daw kasi iyon sa klasrum. Bagaman wala na sa klasrum, parehong batas pa rin ang umiiral para sa ahensya ng 42 taong gulang na si Ate Matet (‘di niya tunay na pangalan). Bilang isang matagal nang janitress sa isang manpower agency sa Makati, hindi niya maitatanggi na tila ba nasanay na na lámang siya sa isang oras na break time sa kaniyang pinagtatrabahuhan para sa isang buong shift. Dagdag pa rito ay ang pagbabawal sa kanilang lumabas dahil sila, ayon mismo sa kaniyang mga salita, ay mapapagalitan kung mahuli man.

Nananatili ang ganitong sistema kahit pa ang lugar na kaniyang pinagtatrabahuhan ay hindi kalakihan; sa katunayan, yaong mga mag-aaral na mismo ang naghihikahos sa liit ng espasyo na mayroon ang lugar kung ikukumpara man sa dami ng mga taong gumagamit nito. Kaya’t kung minsan, hindi mapigilan ng mga mag-aaral na makisuyo sa pagpapabukas at pag-oopera ng mga pasilidad kina Ate Matet kahit pa ito ay nakapaloob sa kanilang isang oras lámang na pamamahinga.

“Isang oras lang ang break namin tapos, minsan, kasama pa roon ‘yung pakikisuyo ng mga estudyante sa mga bagay-bagay.” ani ni Ate Matet. “Ayos lang naman ‘yun… mabilis lang din naman kasi… pero sana ay mas naging mahaba ‘yung break time… kahit pasobrang 30 minutes lang.” pagdaragdag niya.

Sa pang-araw-araw na pagtatrabaho, makikita sina Ate Matet at ang mga kapwa *janitress* na nakapwesto sa iisang gilid lámang, kada palapag, naghahati sa iisang mesa at bentilador. Hindi ito *giving* lalo pa’t iba ang init sa bansang ito. Gayong ang lupon na mismo ng pamantasan ang may panawagang #WeNeedSpace, mainam na muling pag-isipan kung kanino na rin ba sumasaklaw ang nasabing laban.

**Combo 2: Free Meal with No Free Will**

Para sa mga bata, birthday na agad ang dahilan kapag nahahainan ng chicken fillet o ng burger; minsan naman ay isa itong uri ng pasalubong na tiyak nakapagbibigay-galak sa kanila. Hindi naman ito itinatanggi ni Harry, isang 17 taong gulang na service crew member. Sa katunayan, sang-ayon siyang tila selebrasyon ang makatanggap ng pagkain mula sa mga sikat na fast food chains—lalo pa’t libre—ngunit ibang usapan na, aniya, kung araw-araw na lámang itong paulit-ulit na hinahain nang walang kalayaang kumalas sa banta ng kasawaan, lalo’t higit sa banta ng karamdaman.

Samantalang mainit na usapin na




DIBUHO | FRANCES GUEVERRA

sa mayoryang manggagawa ang isang oras na break time, tila mas malalang kaso ang naranasan ni Harry dahil sa 20 minuto lámang na pamamahingang inilalaan para sa kanila. Bahagi na ng katiting na break time na iyon ang biometrics na kanilang dapat gawin bago at pagkatapos ng kanilang pamamahinga, gayundin ang CR break na hindi na maaring makuha pagkatapos ng nasabing oras. Ayon kay Harry, bihira ang makaranas ng underbreak sa nasabing biometrics, 'di tulad ng pag-o-overbreak na siya namang gumaganti sa pagkakaroon ng penalty o 'di kaya ay pagkakabawas ng sweldong kanilang natatanggap.

"Para sa'kin, in the long run, hindi mabuti 'yung araw-araw na pare-parehong processed food 'yung ibinibigay, kahit pa libre... pero anong magagawa ko?" ani ni Harry. "Bawal pang lumabas noon. Medyo madaya lang na 'yung mga matatagal na roon, 'yung mga malalakas na, nakakabili na ng ulam sa labas."

Hindi na bago ang inklinasyon ng mga Pilipino sa kung anumang libre; sino bang may ayaw ng libre, aber? Ngunit kung ang libreng tinatanggap ay may libre ring hindi katanggap-tanggap, marahil ay panahon na upang ito ay maging palaisipan lalo pa't kung ang karapatan at kalusugan na ang pinag-uusapan.

Iisa lamang si Harry sa 8% na mga Pilipinong mag-aaral na pilit na iginugugol ang kanilang oras upang kumita at matuto nang sabay. Sa kanilang pakikipagsapalaran sa mala-gintong pribilehiyo ng break time, wala na silang panahon pa upang makipagtunggali sa mapang-aliping sistemang nakatago sa libre na maskara; sa sistemang pilit na kumakawala sa dignidad na mayroon ang bawat isa; at sa sistemang hindi mapagpalaya't ikinukulong ang katauhang nasusukat lámang sa uri ng unipormeng suot ng manggagawa.

**Combo 3: Out of Stock, Phased Out**

Kabalintunaan ang break time na walang break. Madalas, may mga pagkakataông ito ay nagiging hologram na lámang na para bang mga ice cream sa menu; nariyan pero wala talaga—tuwirang ibinibida ngunit palagi namang out of stock. Kung hindi man, maaring ibang pagpapakahulugan ng break ang nais na iparanas ng naghaharing-uri; isang break na literal na nakadudurog, isang break na nag-iiwan ng pangmatagalang bubog, isang break na kailanman ay hindi nagsilbing muog.

Marahil ay panahon na upang muli at mas bigyang-linaw kung ano at paano nga ba ang pagdadaos ng break time; na puksain na ang walang kamatayang pagtitiis sa nakasanayan nang kulturang kailanman ay hindi naging patas gayong ang mga manggagawa ay wala naman sa itaas. Wala nang espasyo para sa sagad na sagad nang mga indibidwal ang pagpapanggap na maayos at sapat na ang limitadong pahingang hindi pumapantay sa kabigatan ng trabahong kanilang binibigyang buhay; ng trabahong unti-unting kinukuha ang kanilang mga buhay.

Kalaunan, ang mga manggagawa na mismo ang magiging *out of stock*, o malala ay maging *phased out*, dahil sa kapabayaang umiiral sa kasalukuyang kultura ng *break time* kuno.

Kalaunan, ang *break time* pa mismo ang magiging katambal ng *overtime* na hindi marunong kumilala ng oras, talento, at tao.

Kalaunan, ang mga báon ng Pilipinong manggagawa, na dapat ay nakabubusog, ay mababaôn na lamang–kasama ng mga hinaing at boses na gutom na gutom nang masolusyunan at mapakinggan–na tila bang isang karanasang tiyak ay hindi magandang baunin ng kung sinuman sa hinaharap. Iyon ay kung mayroon pa man silang inaasahang hinaharap.

Sa isang sistemang mas pinipiling magbaôn ng kilos, boses, at alaala, piliin nawa natin ang pagbáon ng mga iyon tungo sa pagtuligsa sa pagkakaroon pa ng isang Ate Matet o ng isang Harry; sa pagkakaroon pa ng panibagong hanay ng mga manggagagawang nagiging biktima ng nakasisirang uri ng break time.

# HEALTH AND SAFETY WORD FIND

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | R | I | G | E | R | F | I | R | S | T | A | I | D |
| T | R | H | T | P | R | K | N | I | E | O | E | C | H |
| L | R | P | T | P | E | N | S | R | E | E | L | I | E |
| A | P | R | O | T | E | C | T | I | O | N | R | P | R |
| E | A | T | R | N | W | O | R | K | E | R | R | S | N |
| H | A | N | H | O | A | R | N | A | E | C | G | R | H |
| M | N | O | L | Y | S | G | I | D | T | T | V | K | E |
| S | S | O | E | Y | G | I | N | S | P | E | C | T | L |
| A | A | V | R | G | R | I | S | N | G | S | H | G | H |
| F | R | I | G | H | T | S | E | O | N | E | R | R | Y |
| E | P | I | O | I | I | I | C | N | T | R | A | I | N |
| T | W | A | T | N | O | I | T | N | E | V | E | R | P |
| Y | I | E | R | G | O | N | O | M | I | C | S | E | H |
| G | I | T | I | D | O | P | O | I | R | I | E | T | R |

## Words

PPE
Hygiene
Worker
Safety
Ergonomics
Protection
First Aid
Health
Train
Inspect
Rights
Prevention

## TIYAGA??



Hinango mula sa Philippine Giant Cloud Rat na matatagpuan lamang sa Pilipinas, sumasagisag ito sa lakas at tatag ng manggagawang Pilipino sa harap ng iba't ibang hamon sa trabaho. Ang tibay nito ay nagpapakita ng dedikasyon ng institusyon sa pagbibigay ng ligtas at matatag na kapaligiran sa bawat manggagawa. Itinatampok din ng natatanging maskot na ito ang kahalagahan ng pangangalaga sa likas na yaman ng bansa, kasabay ng pag-aaruga sa kapakanan ng lakas-paggawa.

# COLORS IN THE AIR



by: Dr. Leonard Javier

🔴 Red is the color of warning signs,
For burning eyes and aching spines.
Solvents in the air you breathe,
Can hurt your lungs and make you seethe.

🟡 Yellow should mean 'slow
down, beware',
But fumes and spills are everywhere.
Without a mask, without a suit,
The risk is real, the harm acute.


⚫ Black like smoke from things that burn,
Safety's a lesson we must learn.
No fire exits, drills, or gear—
Just silent danger drawing near.

🟢 Green should mark the safer space,
A washroom, fan, or resting place.
But in the plant, they often lack
The things that keep our health on track.

🔵 Blue reminds us: stand up, speak!
For workers strong and rights they seek.
To organize, to claim what's fair—
Protection, justice, safe work, clean air.

🎨 So next time you see the colors shine,
Remember those on the hazard line.
Let's paint a world where work
won't harm,
Where safety is not a dream but norm

# HELP TIYAGA GET THEIR PPE






*Dito papasok ang layong palakasin ang boses nila sa tulong ng mga kabataan na may kakayahang magmulat at mangalampag ng polisiya ng administrasyon.*



# Tinig ng Kabataan, Tangkakal ng Manggagawa

Malayang Pipit
*Axel John Cainglet*

Ilang dekada na ang nakalipas mula ng makalaya ang Pilipinas sa kolonisasyon, ngunit mayroong pang-aabuso at pang-aalipusta, partikular na sa sektor ng manggagawa, pa rin sa ating bayan.

Isa itong estratehiya ng mga kapitalista at burgesya komprador upang mapalago ang kanilang kita at mapanatiling nakadepende ang mga manggagawa sa kakarampot na sahod at benepisyo.

Gayong kalakhan ng populasyon ng bansa ay binubuo ng mga manggagawa, hindi pa rin naririnig ang kanilang tinig dahil sa tahasang pagsupil ng kanilang mga hinaing. Dito papasok ang layong palakasin ang boses nila sa tulong ng mga kabataan na may kakayahang magmulat at mangalampag ng polisiya ng administrasyon.

Taong 2015 nang magliyab ang pabrika ng Kentex, isang prodyuser ng tsinelas sa Valenzuela, kung saan 74 manggagawa ang nasawi kabilang ang ilang mga nasaktan. Naging mitsa ng sunog ang pagwe-welding sa loob ng pabrika kung saan natalsikan ang mga kemikal na nakaimbak sa entrada ng pagawaan.

Pangunahing kuwestyon ng pamilya ng mga nasawi ay ang pag-isyu ng business permit at pahintulot na ibinigay sa operasyon ng Kentex mula sa lokal na pamahalaan at Department of Labor and Employment (DOLE) gayong hindi nakapasa ang kumpanya sa pagsusuring isinagawa ng Bureau of Fire Protection (BFP) dahil sa kulang na kagamitan tulad ng fire extinguisher, alarm at sprinkler system. Sa inilabas na datos ng Bureau of Working Conditions (BWC) ng DOLE, 55% ng mga manggagawang nagtatayo ng gusali sa kalakhang Maynila ay nakitaan ng paglabag sa Seksyon 8 ng Republic Act No. 11058 o ang Occupational Safety and Health Standard (OSHS) law. Kabilang sa mga nakitang kakulangan ay ang kapos na bilang ng personal protective equipment o PPE, helmet, harness, gloves, at goggles. Napagalaman ding walang nakaatas na mga tauhang magbibigay ng atensyong medikal kung sakali mang may aksidenteng matamo.

Isa lamang ang trahedya ng Kentex at ang imbestigasyon ng BWC sa patuloy na kaso ng aksidente sa sektor ng paggawa bunsod ng kakulangan sa kagamitan at di-makataong lugar ng trabaho, gayundin ang kulang na benepisyo at proteksyon sa mga manggagawa kung sakali may mangyaring aksidente.

Dahil dito, sinuhayan ng Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD) noong 2022 ang panukalang batas na amyendahan ang R.A. No. 11058 upang bigyang-parusa ang mga kumpanyang lalabag sa OSHS. Gayunpaman, higit tatlong taon matapos ihain ang House Bill No. 2126, nakabinbin pa rin sa Kongreso ang kapalaran at proteksyon ng mga manggagawang Pilipino.

Pinapalutang lamang nito ang kawalang-prayoridad ng pamahalaan sa sektor ng paggawa at ang tunay na tunguhin ng mga mayayamang negosyante — ang gamitin ang mga ordinaryong manggagawa bilang instrumento sa pansariling interes.

Kasabay ng pag-alingawngaw ng mga boses na sumasaklaw sa hinaing ng mga manggagawang Pilipino ay ang tahasang pagsupil at pananakot ng mga awtoridad. Ibinahagi ng Kilusang Mayo Uno (KMU) na 72 lider-unyon at mga miyembro na ang kinitil mula taong 2016 dahil sa mga paratang na nag-uugnay sa mga unyon sa komunismo. "Malinaw na ginagamit ng pamahalaan ang red-tagging para pigilan ang mga manggagawa na mag-organisa at bumuo ng unyon," ani Jerome Adonos, secretary-general ng KMU.

Naging makipot din ang landas ng mga unyon tungo sa paggiit ng kanilang mga karapatan nang itatag ang *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict* (NTF-ELCAC) noong 2018, kung saan ginamit itong mekanismo ng administrasyong Duterte upang supilin ang tinig ng mga progresibong grupo kabilang na ang mga kabataang Pilipino.

Bagama't hindi pa pormal na bahagi ng sektor ng industriya at manggagawa, hindi nito tinatapyasan ang krusyal na gampanin ng mga kabataan sa pagpapalutang ng mga nabanggit na isyung kinahaharap ng mga mangagawang Pilipino. Dahil sa "neoliberal" na uri ng edukasyon sa bansa—kung saan hinuhubog ang sangkaestudyantehan base sa pamantayan ng mga dayuhang negosyante — tiyak na mayorya ng kabataan ay mapabibilang din sa hanay ng industriya at lakas-paggawa sa hinaharap.

Maiging ngayon pa lamang ay maituwid na ang baluktot na kalakaran ng mga ganid na kapitalista at mapanupil na puwersa ng mga awtoridad at mabigyan ang mga manggagawa ng oportunidad na makapagtrabaho nang matiwasay, malayo sa kapahamakan, at nakaayon sa batas. Walang puwersa ang makasusupil sa boses ng mga obrerong Pilipino kung dadagundong ang tinig ng kabataang may tangan ng panawagan ng mga kabilang sa sektor ng paggawa.



Daluyong
*Angel Tricia Mae Reyes*

*Kung hindi tayo, sino ang magiging katuwang ng mga manggagawa?*

# Kabataa'y Hindi na Pa-bata

Sa isang lipunang lakas-paggawa ang pundasyon ng progreso, kataka-takang ang kaligtasan pa ng mga manggagawa ang kadalasang isinasawalang-bahala. Buhay nila ang araw-araw na nakataya dahil sa kakulangan ng mga regulasyong sisiguro sa kanilang kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.

Hindi ito usapin lamang ng mga manggagawa kundi ng buong bayan. Sa panggigipit ng mga kapitalista—mababang pasahod, delikadong kondisyon ng trabaho, at kawalan ng benepisyo—apektado rin ang mga mamamayan dahil nakataya rin ang kalidad ng mga produkto sa merkado, lalo na ang motibasyon at kalusugan ng mga manggagawa. Malaki rin ang epekto nito sa mga kabataan dahil ang karahasang istruktura ngayon ay repleksyon ng mundong sasalubong sa kanila.

Nitong Marso, nakapagtala ang Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD) ng 13 katao na namatay at 42 namang nasugatan sa trabaho. Kamakailan, noong Abril 13, narekober ang labi ng dalawang construction worker na natabunan matapos gumuho ang ikalawang palapag ng ginagawang mall sa Sta. Rosa, Laguna.

Nakagagalit isipin kung patuloy pa ring ganito ang kahihinatnan ng mga manggagawa sa mga susunod na taon. Dahil dito, lalo lamang bumibigat ang responsibilidad nating kabataan na makielam at maging boses ng mga manggagawa, mula sa paglalatag ng kritisismo at suhestiyon sa administrasyon hanggang sa pagtindig para sa hustisya kapag nilalabag ang Occupational Safety and Health (OSH) Standards.

Batay sa ulat ng We are Social noong 2022, nasa 82.4% ng mga Pilipino ang aktibong gumagamit ng social media at nakakonsentra ito sa higit 20 milyon na kabataang edad 15-24, patunay ng malaking impluwensya ng kabataan sa digital na mundo. Kaya bilang pangunahing aktibo sa social media, dapat tayong manguna sa pagtampok ng mga kasong may kinalaman sa OSH rights. Malaki ang potensyal ng ating impluwensiya na manggising ng kamalayan ng madla at mag-udyok ng pagkilos.

Tungkulin nating mga kabataan na patuloy ungkatin ang mga pilit ibinabaon sa limot na OSH rights violations sapagkat ang tahasang pagkalimot ay hindi lamang pagtalikod sa hustisya, kundi lantarang pagtanggap na maulit ito sa ating henerasyon.

Nararapat ding katuwang tayo sa pangangalampag sa mga nasa posisyon at kumakandidato upang isulong ang mga batas na poprotekta sa karapatan ng mga manggagawa. Ang bawat polisiya—o kakulangan nito—ukol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho ang humuhubog sa kanilang kahahantungan.

Ngayon, prayoridad ng mga kumpanya't gobyerno ang kita. Kung hindi tayo, sino ang magiging katuwang ng mga manggagawa? Tayo na malaki ang tsansang maging parte rin ng sektor ng paggawa sa hinaharap.

Kung hindi masosolusyunan ngayon ang pag-iwas ng mga kumpanya sa kanilang responsibilidad sa oras ng disgrasya, gayundin ang kahirapang makakuha ng benepisyo't karampatang sahod, magpapatuloy lamang ito sa ating henerasyon.

Samantala, maaaring sabihing hindi naman direktang bahagi ng sektor ng manggagawa ang mga kabataan kaya't tanging panghihimasok sa hindi nila tuwirang naiintindihan ang magaganap. Subalit, ayon sa Philippines Statistics Authority, 88.0% ang youth employment rate nitong Enero 2025, patunay na sa kasalukuyan pa lamang, may malinaw nang partisipasyon ang mga kabataan sa sektor ng paggawa.

Dagdag pa rito, ang ilan sa mga k-abataan, lalo ang mga nasa kolehiyo, ay bahagi ng internship programs, on-the-job trainings, part-time jobs, o volunteer work kung saan maaari na silang malantad sa mga 'di makataong trabaho na kulang sa benepisyo't proteksyon. Kaya naman, dahil unti-unti na tayong nagiging bahagi ng lakas-paggawa at nararanasan ang mga panganib dito, hindi makatarungang ipagpalagay na wala tayong papel sa usaping hinggil sa kaligtasan at kalusugan ng manggagawa.

Samakatuwid, sa ilalim ng mga kumpanya't gobyernong hindi prayoridad ang karapatan ng mga manggagawa ay isa namang panawagan para sa mga kabataan na mangielam at maging aktibo sa pakikibaka. Panahon na para maging tinig tayong mga kabataan ng mga manggagawang patuloy na ginigipit at pinagkakaitan ng buhay-trabaho na ligtas at makatuwiran, lalo na ng mga tuluyang pinatahimik, tangan ang mga kondisyon at karapatang noon pa dapat ipinagkaloob.

Darating ang panahong tayo naman ang kakayod para sa pamilya, mapa-empleyado man o employer. Aralin at magbigay-aral ukol sa OSH education at workers' rights upang maprotektahan hindi lamang ang kondisyon ng mga nasa kasalukuyan, pati ang mga kapwa-kabataan nating magiging bahagi nito kinabukasan.

# Pain in Paint

"Dok, ngayon lang may nagpaliwanag sa amin niyan."

Ito ang isa sa mga unang linyang tumatak sa akin noong isinagawa namin ang KumOSHtahan session kasama ang mga manggagawa mula sa industriya ng pintura. Sa likod ng makukulay na latang ginagamit sa pag-aayos ng bahay, naroon ang mga kwento ng panganib, paglanghap sa nakalalasong kemikal, at paglimos ng karapatan sa kaligtasan.

Noong 2023, bilang bahagi ng community engagement work ko sa IOHSAD, nakilala ko ang mga manggagawa ng Globesco, isang pabrika ng pintura sa Quezon City. Hindi lang sila gumagawa ng kulay para sa ating mga tahanan—bitbit nila ang mga kuwentong kayang magpaliwanag kung bakit ang kulay pula ay simbolo ng pakikibaka.

Ang Pain in Paint ay isang inisyatibo ng IOHSAD, katuwang ang volunteer doctors at OSH advocates, upang talakayin at bigyang-pansin ang mga health and safety concerns ng mga nagtatrabaho sa paint manufacturing industry. Isa itong serye ng forum, konsultasyon, at kwentuhan na nakaangkla sa Occupational Safety and Health (OSH) framework, pero mas mahalaga, batay sa karanasan ng mga manggagawa mismo.

"Dalawang manggagawa, nagsuntukan sa trabaho."Ini-imagine ko ang headline sa dyaryo kung naibalita ang kwento ng isa sa mga manggagawang nakasama sa talakayan. Bakit sila nagsapakan? Kung isyung pag-ibig, o pera, o hatian sa trabaho ang hula mo, mali ka. Ang sagot ay nabangag sila: may amats o high dahil sa nalanghap na kemikal. May tawanan ang usapan pero seryosong peligro sa pagawaan. Karanasan naman ng iba, may mga "di maipaliwanag" na sakit sa balat, kati ng mata, o ubong di matigil. Sa totoo lang, marami sa mga ito kung sisilipin ay kasama sa mga posibleng epekto ng exposure sa trabahong kemikal. Isang obrerong mahigit dekada na sa trabahong ito ang naibahaging nagkaroon ng kanser sa lalamunan, pero walang naging suporta sa gamutan. Ngunit higit pa rito, ang mas masakit marinig ay ang kawalan nila ng sapat na kaalaman at proteksyon. Marami sa kanila, hindi alam kung ano ang nilalanghap nila. Wala ring malinaw na OSH orientation o training. Sa ilalim ng batas, ito ay malinaw na pagkukulang.

Dito lumutang ang mga problemang paulit-ulit pero kadalasang binabalewala: pagkalantad sa fumes at solvents, kawalan ng sapat na ventilation, kakulangan sa personal protective equipment (PPE), at kawalan ng kaalaman sa mga karapatan sa kaligtasan at kalusugan sa paggawa o occupational safety and health (OSH). Hindi lang ito usapin ng kalusugan—usapin ito ng dignidad, karapatan, at buhay.

Bilang doktor at guro, malaking bagay sa akin ang makita kung paano tumatawid ang health advocacy sa kilusang paggawa. At dito ko rin nakita ang pangangailangan para sa mas maraming kasama—mga kabataan at advocates may malasakit at kagustuhang matuto.

Ang KumOSHtahan ay hindi lang para magtanong ang mga manggagawa at matuto sa kaligtasan sa paggawa. Isa rin itong paanyaya para makinig tayo. Sa pagtitipong ito, nagsimula ring mabuo ang mungkahing aksyon: fire safety plans, edukasyong pangkalusugan, OSH medical services, at pagtatatag ng OSH committee na tunay na pinangangalagaan ang kapakanan ng manggagawa. Ayon sa Occupational Safety and Health Law o Republic Act No. 11058 of 2018, tungkulin ng mga employer na magbigay ng ligtas na lugar ng trabaho, magbigay ng tamang safety instructions, at ipabatid sa mga manggagawa ang panganib sa kanilang trabaho (Section 3). Ngunit tila malayo pa tayo sa katuparan nito.

Nakalulungkot at nakakagalit na sampung taon na mula noong kinitil ang buhay ng 72 manggagawa sa Kentex factory fire, parang usok pa ring di maapuhap ang ligtas na pagawaan para sa mga Pilipino. Nitong kamakailan lamang, dalawang construction worker ang natabunan matapos gumuho ang isang ginagawang mall sa Sta. Rosa, Laguna. Nitong ika-18 ng Abril lang, isang malawakang sunog na naman ang sumiklab sa isang industrial building sa Valenzuela City. Mula Enero hanggang Marso 2025 lamang, nagtala ang IOHSAD ng 94 na insidente sa lugar ng trabaho sa iba't ibang industriya, na nagresulta sa 56 na pagkamatay at 115 na nasugatan. Hindi lang aksidente ang mga trahedyang ito kundi bunga ng patong-patong na kapabayaan sa pagtiyak sa kaligtasan ng mga manggagawa.

Hindi pwedeng drawing ang kaligtasan at kalusugan sa pagawaan. #SafeWorkplacesNow—kulayan natin ang drawing.

*Bilang doktor at guro, malaking bagay sa akin ang makita kung paano tumatawid ang health advocacy sa kilusang paggawa. At dito ko rin nakita ang pangangailangan para sa mas maraming kasama—mga kabataan at advocates may malasakit at kagustuhang matuto.*



Rx Humanity
*Dr. Leonard Javier, MD*

# Sa Alab ng Gunita, Isulong ang Katarungan, Kalusugan at Kaligtasan

Noong Mayo 13, 2015, isang malagim na sunog ang tumupok sa pabrika ng Kentex sa Valenzuela City na kumitil sa buhay ng mahigit 72 manggagawa. Itinuturing ang sunog na ito bilang "one of the worst industrial fires" sa kasaysayan ng Pilipinas.

Malinaw na malinaw na hindi aksidente ang sunog sa Kentex. Resulta ito ng sistematiko at malalang paglabag sa mga occupational safety and health (OSH) standard, at kapabayaan sa buhay, kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa. Nagbunga ito ng pagkamatay ng napakaraming manggagawa, kawalan ng kabuhayan, at matinding dalamhati sa mga naiwan nilang pamilya.

Sa gitna ng pagkawala at pighati, nagkaisa at buong tapang na tumindig ang mga manggagawa ng Kentex at pamilya ng mga biktima. Susi ang kanilang sama-samang pagkilos upang maisulong at maipasa ang Republic Act 11058 o Occupational Safety and Health (OSH) Law noong 2018. Inilantad din ng sunog sa Kentex ang kagyat na pangangailangan ng mahigpit na proteksyon ng mga manggagawa para maiwasang maulit ang ganitong mga trahedya.

Gayunpaman, makalipas ang ilang taon mula nang maipasa ang OSH Law, nagpapatuloy pa rin ang mga paglabag ng mga kumpanya sa mga pamantayan sa kaligtasan at kalusugan sa paggawa. Patuloy ang mga aksidente, pagkakasakit, at pagkamatay ng mga manggagawa sa iba't ibang mga lugar-paggawa. Sa unang kwarto pa lang ng taong 2025 (Enero hanggang Marso), nakapagtala na ang Institute for Occupational Safety and Health Development (IOHSAD) ng 56 na manggagawang namatay na may kaugnayan sa kanilang mga trabaho.

Batay naman sa isinagawang pag-aaral ng IOHSAD sa hanay ng mga kababaihang manggagawa sa isang electronics company noong 2023 - 2024, marami sa kanila ang nagkakasakit ng mga reproductive illnesses tulad ng menstrual disorders, abortion, ovarian dysfunction, breast cysts, at ovarian cancer

Lantad ang mga kababaihang manggagawa sa iba't ibang mga panganib tulad ng mga chemical at physical hazards. Gamit nila ang mga reproductive toxins tulad ng benzene, toluene at methyl alcohol sa produksyon. Tampok din ang mga paglabag ng kumpanya sa "right to know" o kakulangan sa pagbibigay ng sapat na oryentasyon sa ginagamit na mga kemikal sa produksyon. Hindi rin sapat at epektibo ang bentilasyon sa loob ng pabrika na lubhang delikado lalo ngayong napakainit ng panahon.

Patunay ang mga datos at ulat na nabanggit sa itaas kung bakit lalong kinakailangang mas pagtibayin ang ating pagkakaisa para isulong ang kagyat na pag-amyenda sa OSH Law. Makatutulong ang criminalization of OSH rights violations o ang pagpataw ng mas mabigat na parusa (mataas na multa at may kasamang pagkakakulong) para matiyak na mapapanagot ang mga kumpanyang may malalang paglabag at kapabayaan sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.




Abutin at organisahin natin ang mga manggagawang naaksidente o nagkasakit dahil sa di-ligtas na trabaho at magbuo ng mga OSH victims' groups. Palawakin natin ang suporta't pakikipagtulungan sa iba't ibang sektor – mga doktor, health professionals, abogado, taong-simbahan, OSH and labor rights advocates, guro, kabataan at estudyante, para sama-sama nating ipaglaban ang nararapat na benepisyo at kompensasyon, katarungan, kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.

Sampung taon na ang lumipas, ngunit nananatiling mailap pa rin ang katarungan para sa mga biktima at pamilya ng mga manggagawa ng Kentex. Higit sa paggunita, sama-sama tayong kumilos para sa katarungan, hindi lang para sa mga biktima ng Kentex, kundi para sa lahat ng manggagawang biktima ng ng paglabag sa karapatang pangkalusugan at pangkaligtasan.

Panagutin ang mga kumpanyang lumalabag sa karapatan ng mga manggagawa sa kalusugan at kaligtasan!

Justice for Kentex Workers! Justice for All OSH Rights Victims!

Criminalize OSH Rights Violations! Safe Workplaces Now!

## GRUPO NG MGA KONTRIBYUTOR

Lea Loraine Acuesta
Axel John Cainglet
Gabriel Calingasan
Arwen Calong
Nadia De Leon
Jeniah Irao
Leonard Javier, MD
Vania Macatangay
Rachelle Montes
Angel Tricia Mae Reyes
**Mga Manunulat**

Angel Tricia Mae Reyes
**Patnugot ng Balita**

Vania Macatangay
**Patnugot ng Lathalain**

Sophia Nicole Lachica
**Punong Tagapagdisenyo**

Chloe Jan Reese Abarcar
**Tagakuha ng Larawan**

Alyanna Dawn Berboso
Frances Guevarra
Danea Kristin Mortera
**Mga Tagadibuho**

John Caleb Flores
**Tagapagdisenyo**

Klyssa Betito
Nadia De Leon
Ana Dominik Florentino
**Mga Tagapayo**

## CONTACT

**Institute for Occupational Health and Safety Development Office**

Room 104, Manor Building, 2635 Taft Avenue, Malate, Manila.

(02) 8727-3198

iohsadph@gmail.com

IOHSAD | https://iohsad.com

Iohsad Philippines
https://www.facebook.com/Iohsad.Philippines